**Kawastuhang Panggramatika**

1. Pambansa – mga salitang ginagamit ng nakaraami at siyang itinuturo sa mga paaralan.
   Halimbawa: Aklat, guro, aklatan, tagapayo, tahanan
2. Pampanitikan – mga salitang ginagamit ng mga manunulat sa masining na pagpapahayag.
   Halimbawa: pusong sugatan, daing ng bagting ng gitara, inaanay na budhi
3. Lalawiganin – mga salitang ginagamit sa partikular na probinsya.
   Halimbawa: Batangas: Imisin mo ang iyong mga gamit. (Ang ibig sabihin ay ayusin o ligpitin ang mga gamit ng kinakausap.), Laguna: Bulangan mo ng sinulid nag karayom. (Suotan mo ng sinulid ang karayom.), Quezon: Natahi siya ng damit. (Nananahi siya ng damit.)
4. Pabalbal – mga salitang karaniwang ginagamit ng mga kabataan at mga tao sa lansangan.
   Halimbawa: tsibug – pagkain, haybol – bahay, inaalaska – iniinis, yugyugan – sayawan, ermat – ina

**Antas ng Wikang Filipino: Wastong Gamit ng mga Kataga at mga Salita**

SUBUKIN at SUBUKAN
SUBUKIN – nangangahulugan ng pagsusuri o pagsisiyasat sa uri, lakas o kakayahan ng isang tao o bagay.
Hal.: Subukin mo ang sabong ito at napakahusay.
SUBUKAN – nangangahulugan ng pagtingin upang malaman ang ginagawa ng isang tao o mga tao.
Hal.: Subukan mo ang ginagawa ng mga mag-aaral sa pulong.

PAHIRIN at PAHIRAN
PAHIRIN – tumutukoy sa kilos na nangangahulugan ng pag-alis o pagpawi sa isang bagay, alisin ang bagay.
Hal.: Pahirin mo ang pawis ng bata., Pinahid niya ang dumi sa kanyang leeg.
PAHIRAN
1. Ang lunan o bahagi ng lunan o bagay na pinanggagalingan ng bagay na pinahid. Sa ganitong gamit ang "pahiran" ay may layon.
Hal.: Ang mukha ng Bata ay pinahiran niya ng dumi.
2. Nagagamit din ang "pahiran" sa kahulugang paglalagay ng kaunting bagay at karaniwan ay sa bahagi ng katawan.
Hal.: Pahiran mo ng lotion ang parte ng aking likod na may sun burn.

OPERAHIN at OPERAHAN
OPERAHIN – tinutukoy nito ang tiyak na bahaging tinitistis.
Hal.: kailan ooperahin ang kanyang puso?
OPERAHAN – tinutukoy nito ang tao at hindi ang bahagi ng katawan.
Hal.: Operahan niyo na si Eric dahil hirap na hirap na siya.

NAMATAY at NAPATAY
NAMATAY – ginagamit kung ang isang tao, hayop, halaman at bagay ay nawalan ng buhay dahil sa sakit, katandaan o anumang kadahilanan.
Hal.: Namatay ang kanyang ina kaya siya nagluluksa.
NAPATAY – karaniwang ginagamit sa tao o hayop na pinaslang ng kapwa tao o hayop.
Hal.: Sa isang robbery shootout, napatay ng pulis ang mga kawatan.

BUMANGON at MAGBANGON

BUMANGON – ang kahulugan ng bumangon ay gumising o tumindig mula sa pagkakahiga. Isang pandiwang katawanin at hindi nangangailangan ng layon.

Hal.: Bumangon ka na't tanghali na.

MAGBANGON – ang magbangon ay nangangahulugan ng magtayo, magtindig at magtatag. Isang pandiwang palipat na nangangahulugan ng tuwirang layon.

Hal.: Nagbangon ng pag-aalsa ang mga katipunero laban sa mga Español.

SUMAKAY at MAGSAKAY

SUMAKAY – isang pandiwang katawanin at hindi nangangailangan ng tuwirang layon.

Hal.: Saan ka sumakay?

MAGSAKAY – pandiwang palipat at nangangailangan ng tuwirang layon.

Hal.: Nagsakay ng tatlong batang papasok sa paaralan ang drayber ng traysikel.

Ang DIN at RIN, DAW at RAW

RIN at RAW – ginagamit kung ang sinusundang salita ay nagtatapos sa patinig at sa malapatinig na "w" at "y".

Hal.: Sumakay ka raw sa unang bus na daraan., Kasama ka rin sa inaanyayahan.

DIN at DAW – ginagamit kung ang salitang sinusundan ay nagtatapos sa katinig maliban sa "w" at "y".

Hal.: Takot din siyang magsinungaling kagaya mo., Masakit daw ang kanyang ulo kaya hindi siya pumasok at nagpaabot na lamang ng sulat.

SILA at SINA, KINA at KILA

SILA at SINA – Ang sila ay panghalip panao samatalang ang sina ay panandang pangkayarian sa pangngalan. Karaniwang kamalian na ang sila ay ginagamit na panandang pangkayarian.

Hal.: Mabubuting anak sina Nenita at Roy., Nanalo sa timpalak sina Ash at Brock.

KINA at KILA – ang kina ay panandang pangkayarian sa pangngalan katulad ng sina. Walang salitang kila sa Gramatikang Filipino. Ang paggamit ng kila ay karaniwang pagkakamali.

Hal.: Papunta sila kina James Franco, hindi nalalaman na iyon na ang katapusan ng mundo.

NANG at NG

NANG

1. Ang nang ay karaniwang ginagamit na pangatnig sa mga hugnayang pangungusap at ito ang panimula ng katulong na sugnay.

Hal.: Mag aral kayong mabuti nang makapasa kayo.

2. Ang nang ay nagsimula sa na at inaangkupan ng ng at inilalagay sa pagitan ng pandiwa at ng panguri nito.

Halimbawa: Umalis sila nang maaga.

3. Ginagamit ang nang sa gitna ng dalawang salitang-ugat na inuulit, dalawang pawatas o neutral na inuulit at dalawang pandiwang inuulit.

Hal.: (dalawang salitang-ugat na inuulit) dasal nang dasal, aral nang aral; (dalawang pawatas o neutral na inuulit) magsikap nang magsikap, dumalangin nang dumalangin; (dalawang pandiwang inuulit) nag-ani nang nag-ani, sumagot nang sumagot

NG

1. Ang ng ay ginagamit na pananda sa tuwirang layon ng pandiwang palipat.

Hal.: Gumawa siya ng takdang aralin.

2. Ang ng ay ginagamit na pananda ng tagaganap ng pandiwa sa tinig balintiyak.

Hal.: Pinangalanan ng ina ang mga anak.

3. Ang panandang ng ay ginagamit kapag nagsasaad ng pagmamay-ari ng isang bagay o katangian.

Hal.: Ang katalinuhan ng kanyang ama ay hinahangaan.

KUNG at KONG

KUNG – ang kung ay pangatnig na panubali at ito'y karaniwang ginagamit sa hugnayang pangungusap.

Hal.: Malulutas ang mga suliranin ng bayan kung makikiisa ang mamamayan sa pamahalaan.

KONG- ang kong ay nanggaling sa panghalip na panaong "ko" at inaangkupan lamang ng "ng".

Hal.: Nais kong tulungan ka ngunit tulungan mo muna ang iyong sarili.

MAY at MAYROON

MAY

1. Ginagamit ang "may" kapag sinusundan ng pangngalan.

Hal.: May kasama siyang kaibigan.

2. Ito ay ginagamit kapag sinusundan ng pandiwa.

Hal.: Ang mga bata ay may inaasahang regalo mula sa'yo.

3. "May" ang ginagamit kapag sinusundan ng pang-uri.

Hal.: May bago ka palang kaibigan.

4. Ginagamit kapag sinusundan ng manghalip na panao sa kaukulang paari.

Hal.: Bawat tao ay may kanya-kanyang problema.

MAYROON

1. Ang "mayroon"ay ginagamit kapag may napasingit na kataga sa salitang sinusundan nito.

Hal.: Mayroon bang problema sa pag-aaral mo?

2. Ginagamit na panagot sa tanong.

Hal. "May hinihintay ka ba?" "Mayroon."

3. Gingagamit kung mangangahulugan ng pagka-maykaya sa buhay.

Hal.: Isa na si Lyca Gairanod sa mayroon sa Tanza noong manalo siya sa patimpalak na The Voice Kids.

**Kawastuang Panggramatika**

Mayroong dalawang (2) kawastuan ang pagpapahayag;

1. Wastong Gamit ng mga Kataga at mga Salita

2. Wastong Gamit ng mga Kataga at mga Salita

HAGIS at IHAGIS

HAGIS – pangngalan at hindi pawatas o neutral ng pandiwa.

Hal.: Malakas ang hagis ng bola ni Matty.

IHAGIS – isang neutral o pawatas ng pandiwa.Ito ay hindi pangngalan.

Hal.: Ihagis mo na ang bola at sasaluhin ko.

NAPAKASAL at NAGPAKASAL

NAPAKASAL – ginagamit kapag ang tinutukoy ay ang ginagawang pag-iisang dibdib ng dalawang nilalang na nagmamahalan.

Hal. Napakasal na sina Iya at Drew at napanood ito ng publiko.

NAGPAKASAL – tumutukoy ito sa taong naging punong-abala o siyang nangasiwa upang makasal ang isang lalaki at babae.

Hal.: Nagpakasal si Aling Wilma ng kamag-anak na maralita.

PINTO at PINTUAN

PINTO – ginagamit kung ang tinutukoy ay ang isinasara o binubuksang pansara sa tahanan, gusali atbp. na maaaring yari sa kahoy o metal.

Hal.: Pinipintahan ang pinto ng paaralan.

PINTUAN – ito ay daanan ng tao atbp. kapag binuksan na ang pinto.

Hal.: Walisan mo ang pintuan at maraming pira-pirasong papel at tuyong dahon